# Ang Epiko't Etnograpiya ng Kamatayan at Paglalakbay

**Jay Jomar Quintos**

SANG-AYON SA MARAMING mito at naratibo, sa iisang gawain nagkakatulad ang nagsasala-salabid na paniniwala at pamumuhay ng iba't ibang pangkat etniko sa buong kapuluan. Kadalasan, marahil, sa buhay ng bawat pangkat, dumarating ang isang itinakdang umaga, madilim pa ang kalangitan, at saka madirinig ang isang mahaba at payapang buntonghininga, at tutuloy ito sa ilang oras na paglalayag at paglalakbay. Katuwang ng mga realidad na ito sa buong kapuluan ang samot-saring kasaysayan ng sangkatauhan sa buong daigdig: ang lahat ay naglalakbay bunsod ng kanya-kanyang layon.

Maging sa epiko at kuwentong-bayan ng iba't ibang pangkat etniko sa bansa, palasak ang mga salaysay hinggil sa paglalayag. Kalimitan, naglalayag ang bidang bayani ng epiko bunsod ng isang wagas na pag-ibig. Sa tuwina, naglalakbay ang bayani upang hagilapin ang babaeng kanyang mapapangasawa sa iba't ibang dako ng daigdig. Sa *Ullalim Banna* ng mga Kalinga, sa gabay ni Dinnanayan ay nagtungo sa iba't ibang bulubundukin si Banna upang mahanap ang dalagang si Laggunawa. Sa *sugidanon* na *Hinilawod: Humadapnon* ng mga Panay Bukidnon, na tinawag naman ni F. Landa Jocano (2000) bilang Sulod (o mga tao na nakatira sa "loob"), naglakbay si Humadapnon kasama ang nilikhang kapatid na si Dumalapdap upang magtungo sa bayan ng katanghaliang araw kung saan nagtatagpo ang *idalum* at *ibabaw* at kung saan namamalagi ang binukot

na si Nagmalitung Yawa. Sa *guman* ng mga Subanon na *Sandayo*, mataos ang danas ng bidang bayani na si Sandayo sa paghahanap sa kanyang mapapangasawang si Bae Bolak Sonday ng Manelangan kung saan naroon ang Bundok Sindangan na siyang sinisikatan ng araw. Matimyas ang pagpapahalagang ibinibigay ng mga tradisyong pabigkas ng pangkat etniko sa pagpapakasal. Marahil, dahil ang pag-iisang dibdib ng mga bayani at binukot ay nangangahulugan din ng pagpapalawig ng teritoryo o kaya'y ang hinaharayang pagkakaisa ng mga pook mula sa kailaliman ng tubig hanggang sa matatarik na mga bundok at patungo sa pinakadulong siyudad sa silahis ng araw.

Ngunit hindi naman laging babae o pag-ibig ang tuwinang layon ng mga paglalakbay sa epiko at kuwentong-bayan. Tunghayan, halimbawa, ang *ulahingan* ng mga Livunganen Arumanen Manobo ng Hilagang Cotabato. Sa *Agyu*, napilitang maglakbay ang grupo ng bidang bayani na si Agyu o Ligaya Tindeganen upang hanapin ang Nalandangan—ang kaharian kung saan mayroong katiwasayan at kapayapaan. Naging bunsod ng paghahanap sa Nalandangan ang nakaambang pagsalakay ng mga kaaway sa pamayanan nila Agyu matapos ang hindi pagkakaunawaan sa hindi tamang pagpapataw ng buwis ng sultang Muslim. Mahihinuha sa tagpong ito ang pagiging matanda ng *ulahingan* lalo na't nililirip ang salinlahi ni Agyu bilang sumunod na lahi ni Tabunaway na siyang itinuturing na ninuno ng mga katutubo sa Mindanao at Sulu. Sa prekolonyal na kasaysayan ng mga pangkat etniko sa katimugang bahagi ng Pilipinas, nag-iiba-iba ang tekstura at bersiyon ng kuwento hinggil kay Tabunaway at sa kapatid nitong si Mamalu na noong unang panahon ay payapa at tahimik na namumuhay. Ngunit sa pagdating ni Sharip Kabungsuan sa Ilog Pulangi noong ika-labingtatlong dantaon, na may misyong palaganapin ang relihiyong Islam, nagkahiwalay ng landas ang magkapatid: si Mamalu ay yayakapin ang bagong paniniwalang ibinibinyag ni Sharip Kabungsuan habang si Tabunaway naman ay magpapatuloy sa paglalakbay sa daanang tila walang hanggan, aakyat sa mapapanglaw na gubat sa bundok, at magpapaanod sa rumaragasang daloy ng ilog bunga ng kagustuhang manatili sa kinagisnang paniniwala.

Ang nag-iiba-ibang hugis at kulay ng mga naratibo hinggil sa paglalakbay sa epiko at kuwentong-bayan ng iba't ibang pangkat etniko sa buong kapuluan ang naiisip ko sa tuwing aalalahanin ang mga personal kong paglalakbay. Kung susumahin, ang bawat tao sa mundo'y tiyak namang naglalakbay—ang iba'y mayroong malinaw na patutunguhan habang ang iba nama'y patuloy na nagmamasid habang binabagtas ang sangandaan.

Taong 2014 nang lisanin ko ang pambansa at sentrong rehiyon sa Pilipinas upang magtungo sa Katimugang Mindanao, kahit na wala naman akong kapamilya o kakilala na nakatira roon. Isa iyong paglalakbay na walang tuwirang layon liban sa kagustuhan kong magturo at patuloy na magsaliksik hinggil sa katutubong panitikan.

Ngunit kalakip pala ng paglalakbay na iyon ang ilang pagkatuto at pagkakatanto sa mga kahulugan at realidad na naisisilid sa personal at pambansang hinagap at gunita.

Sa unang gabi ko sa siyudad ng Davao, mula sa paliparan patungo sa tutuluyang apartment sa Mintal—malayo mula sa mismong sentro bagama't nasa teritoryo pa rin ng siyudad. Mahalagang bigyan ng diin na isa ang siyudad ng Davao sa pinakamalaking siyudad sa buong mundo, lalo na't kung isasama ang malalayo, magugubat, at mapapanglaw na lunan na bahagi nito. Lulan ng isang lumang taxi na naghihingalo na ang aircon at may impit na tunog na madidinig sa manibela, takaw-pansin na nadaanan namin ang tulay ng ilog sa Bangkerohan kung saan nagkumpulan ang balana. Isang lalaki, batay na rin sa hitsura ng pangangatawan nito, ang nakahandusay sa daanan ng tulay na pinalibutan ng grupo ng tao na hindi mo mawari ang emosyon sa mukha—ang iba'y nakatakip ang kamay sa kani-kanilang ilong habang ang iba'y tumitingin-tingin lamang at saka nagpapatuloy sa paglalakad. Duguan ang lalaki at may takip na dyaryo ang mukha na tila siyang nagsilid sa realidad ng kawalang-buhay. Maaaring ipagpalagay na bunga ng aksidente ng banggaan ang pagkamatay ng lalaki, o kaya nama'y biktima ng away na nauwi sa patayan sa kalye. Ngunit ilang buwan ang lilipas, matapos ang ilang buwang pakikitungo at pagmamasid sa siyudad, magiging malinaw sa akin ang lahat, hindi lamang isang beses kundi maraming beses akong makakasaksi ng ganoong tagpo: tao na nakahandusay sa daanan, tinakpan ang mukha ng kahit na anong maitatakip dito, at saka nalulunod sa sarili nitong dugo.

Maaaring aksidente o kaya'y sinadya ang kamatayan ng mga taong nakikita ko sa kalye, sa balita, sa larawan, at maging ang nadirinig sa kuwento-kuwento sa kalawakan ng siyudad, ngunit higit itong magkakaroon ng mukha at anyo sa pambansang imahinasyon, ilang taon matapos maluklok sa pinakamataas na puwesto sa gobyerno ang dating alkalde ng siyudad. *Extrajudicial killings*. Mga pagpaslang na itinakda ng iilang tao lamang—daliri at gatilyo ang siyang nagtatakda ng buhay at kamatayan. Walang labis, walang kulang. Sa tuwing nagsasalit-salitan ang mga pagdalumat na ito sa isip ko, ginagambala ako ng realidad na ang kamatayan ay hindi naman talaga nangangahulugan ng katapusan at wakas—ang kamatayan ay isa ring paglalakbay.

Kung sasaliksikin ang tradisyon ng katutubong sistema ng paniniwala ng iba't ibang pangkat etniko sa Mindanao at Sulu, tinatanaw ang talinghaga ng kamatayan bilang karugtong at kaugnay ng buhay. Ayon sa iskolar na si Macario Tiu (2005), may paniniwala ang mga Talaingod Manobo na ang kamatayan ay paglalayag sa isang madilim na daigdig. Ito ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nagtataglay ang mga Talaingod Manobo ng tattoo sa kanilang katawan. Animo'y ilaw daw na kumikinang at nagliliwanag ang tattoo sa kabilang daigdig. Kaugnay ito sa kanilang paniniwala hinggil sa suklay na iniiipit sa katawan ng mga namatay, lalo na't ang

kabilang daigdig ay hindi lamang madilim kundi napalilibutan din ng katubigan. Sa oras ng paglalakbay ng mga yumao, pinaniniwalaang umiilaw ang kanilang mga tattoo at maaari nilang gamitin ang suklay sa pamamagitan nang paglublob nito sa tubig. Sa oras na madampian ng tubig ang suklay, magbabagong-anyo ito, unti-unting lalaki patungo sa kahugis nitong bangka. Ang bangkang iyon ang maaaring gamitin ng mga yumaong Talaingod Manobo sa kanilang paglalayag sa kabilang buhay.

Isang pamilyar na talinghaga ang suklay sa tradisyong pangkultura sa buong kapuluan. Ilang beses rin akong mumultuhin ng imahen nito sa iba't ibang pagkakataon at posibilidad ng paglalakbay sa Mindanaw at Sulu. Nang minsang magtungo ako sa Katimugang Cotabato para sa isang pananaliksik, habang naghihintay sa pag-alis ng sinasakyang pampasaherong bus sa Koronadal (Marbel) patungong Surallah, isang matandang babae ang uupo sa bakanteng upuan malapit sa akin. Banayad at payapa ang mukha ng babae, mahaba ang buhok na lampas hanggang balikat, kayumangging kaligatan ang kulay, ngunit bakas sa kanyang balat ang kulubot na animo'y bakas ng iba't ibang hibla at sinulid ng emosyon at karanasan. Simula nang umandar ang bus hanggang sa tuluyan na nitong lisanin ang Koronadal, natatandaan kong pakikinig sa lumalangitngit na makina ng bus at pagsulyap sa lahat ng nahahagip ng mata sa labas ang pinagkaabalahan ko. Nang makalagpas ang sasakyan sa bahagi kung saan pinakamaayos na matatanaw ang rikit ng Bundok Matutum, napagpasiyahan kong magtanong sa matandang babae tungkol sa layo at minutong tatahakin pa namin mula sa kinaroroonan patungong Surallah, gamit ang kakarampot na bokabularyo sa Sugbuanong Binisaya na patuloy kong nililinang. Malumanay at magalang ang sagot ng babae na tutuloy sa mahaba-haba naming pag-uusap hinggil sa bayan ng Surallah, sa mga rebultong nasa rotunda nito, at hanggang sa pamangkin niyang lalaki na naghahanap rin ng asawang lalaki. Ilang sandali pa ang lilipas, natatandaan kong isisilid ng matandang babae ang kanyang kamay sa yakap-yakap na bag at saka ilalabas ang isang suklay. Makailang-ulit niyang gagamitin ang suklay sa pagsuyod sa kanyang buhok habang nakamasid lamang ako na binabago-bago ang galaw ng mata upang ikubli ang interes sa nakikita. Mula sa tagpong iyon, magsisimulang magkuwento ang matandang babae tungkol sa kanyang itim na itim na buhok na tutuloy sa pinakakaingatan niyang suklay, at maging ang bisa nito sa kanyang buhay—sa pagsuyod ng buhok at maging sa pagsuyod sa mga tanim. Ayon sa matandang babae, kung titingnan raw nang mabuti, kawangis ng suklay ang hitsura ng *kahig* (kalaykay) na kalimitang ginagamit sa pagtatanim. Mamamangha ako sa idioma at realisasyon ng matandang babae hinggil sa suklay ngunit agad naputol ang aming pag-uusap nang makarating na sa terminal ng Surallah. Doo'y naghiwalay na kami ng landas, tutuloy ako sa Lake Sebu habang sasakay siya ng *trisikad* sa mismong terminal.

Dalawang taon ang lilipas, habang nagsasaliksik ako sa National Library of the Philippines, makakakita ako ng isang *umet* (epiko) ng mga Teduray—isang pangkat etniko na ang mayorya ng populasyon ay matatagpuan sa Katimugang Cotabato—na may pamagat na *Berinareu: The Religious Epic of the Tirurais* (1989). Inirekord at sinaliksik ang umet ng misyonero at mananaliksik na si Clemen Weins, isang banyaga na tiyak na naglakbay din mula sa pinanggalingang bansa patungong Mindanao at Sulu. Sa umet, isang palasak na gamit ang suklay na nagpapaulit-ulit at tumatalon-talon sa bawat tagpo at eksena. Ginagamit ito sa pagpapaganda ng buhok, maging sa pagtatanim, at pakikipagdigmaan. Sa pagkakataong iyon, naging malinaw sa akin ang realidad ng suklay—hindi lamang ito isang gamit, isa rin itong talinghaga, estetika, at sensibilidad. Kung tutuusin, mahalaga ang suklay bilang pinagkukunang-buhay ng maraming pangkat etniko sa buong kapuluan. Kung titingnan ang daigdig sa balangkas at lente ng abstraktong perspektiba, ang suklay ay hindi lamang isang suklay, kundi mayroon itong iba't ibang hugis at anyo: bangka para sa iba habang kahig naman para sa ilan. Maaalala ko ang matandang babaeng lulan ng bus patungong Surallah matapos basahin ang umet. Siya ang nagbigay ideya kung papaano maaaring sagutin ang bugtong ng suklay, hindi lamang bilang suklay kundi bilang kaugnay ng buhay at kilos ng iba't ibang pangkat etniko sa isang basag na daigdig. Kung Teduray man ang matandang babae o hindi ay hindi ko na malalaman. Hindi ko na rin matandaan ang ibinigay niyang pangalan. Naglayag na siya pasagwan sa ibang bahagi ng ibayo, at marahil, hindi ko na rin siya makikitang muli.

Masusundan ang talinghaga ng suklay sa patuloy kong pagkamangha sa ikukuwento sa akin ng isang dating estudyanteng Teduray hinggil sa kanilang paniniwala sa mga yumaong sanggol. Sa pananaw-mundo ng mga Teduray, ang mga sanggol daw na yumao ay pinababaunan ng kutsilyo sa tuwing ibabaon na ito sa lupa. May paniniwala na dahil hindi pa gaanong tumutubo ang ngipin ng mga sanggol, mahihirapan ang mga ito na kumain habang naglalakbay sa kabilang daigdig. Kalasag nilang maituturing ang mga baon-baong kutsilyo na maaaring gamitin sa pag-itak sa mga puno upang masipsip ang mga katas nito. Kaiba ang imahen ng sanggol na Teduray na naglalakbay na may kustilyong magagamit sa paghahanap ng pagkain sa kakila-kilabot na imahen ng sanggol na pumapatay ng tao sa ngalan lamang ng pagpatay, at mapapahinto lamang ito sa bisa at pamamagitan ng banal na krusipiho at *agua bendita*.

Ang mga ganitong paniniwala at pananalig ang siyang nagtutulak sa akin, kung minsan, na isipin sa kung sa papaanong hugis tinatanaw sa Judeo Kristiyanong paniniwala ang kamatayan. May mga nagsasabing naglalakbay ang kaluluwa ng yumao sa kabilang buhay: ang iba'y napupunta sa purgatoryo, ang iba nama'y sa langit,

habang ang ilan nama'y sa impiyerno. Minsan, noong Nobyembre 2014, dinalaw ako ng ganitong agam-agam nang mapatay ang isang dating estudyante sa unibersidad na pinagtuturuan ko. Ipinagpaliban na ni P ang pag-aaral upang higit na matuto sa mas malawak na paaralan ng kagubatan sa Sarangani. Noong mga panahong iyon, tinatanaw ko ang pag-aaral, maging ang pag-alis sa unibersidad upang magtungo sa kanayunan, bilang isang paglalakbay. Ngunit sa isang madugong engkuwentro sa pagitan ng mga militar at rebelde, magtatapos ang buhay ni P. Ayon sa kuwento ng ilang kakilala, naghintay pa ng tatlong araw bago hinukay ang katawan ni P na ibinaon ng mga kasama sa gubat, kung kaya't naaagnas na ito't nabubulok nang muling makita ng kanyang pamilya. Naging kontrobersiyal ang pagkamatay ni P lalo na't kilala itong lider-estudyante sa unibersidad. Naging malaking isyu pa ang usapin kung papayagan ba ng administrasyon ng unibersidad na iburol ito sa loob ng kampus o hindi. Ngunit sa huli'y, naging makatao naman ang desisyon ng unibersidad.

Sa gabi ng lamay ni P sa loob ng unibersidad, nagdagsaan ang marami niyang kaklase, kaibigan, guro, kakilala, at kamag-anak. Hindi ipinapahalata ng iba ang lumbay at dalamhati, may nagkakainan, may nag-aawitan, at may nagbabahagi ng mensahe tungkol sa kani-kanilang personal na karanasan kay P. Ang burol ay nagsilbing isang pagtitipon. Ngunit, sa isip-isip ko, kung maglalakbay ang kaluluwa ni P sa kabilang daigdig ng yumao, saan kaya siya paroroon? May batas at legalidad din ba hinggil sa mga kilusan at organisasyon sa langit, purgatoryo, at impiyerno, o sa kabilang daigdig? Kinikilala rin kaya roon ang armadong pakikibaka bilang lunas sa naghihingalong buhay ng daigdig? Papaano kung walang tattoo si P? Papaano kung walang nakaipit na suklay sa kanyang katawan? Ano nga ba ang anyo ng paglalakbay sa langit, purgatoryo, at impiyerno?

Sa imahinasyon ng antropologong si Tim Ingold (2004), walang malinaw at maayos na datos sa kasaysayan ng daigdig kung kailan tayo natutong maglakad gamit ang mga paa. Ni wala ring naaaninag na wakas ang paggamit ng paa sa paglalakbay. Sa madaling sabi, walang umpisa at huli ang paglalakbay. Isang realidad pa ang pagkaligaw sa mga sangandaan ng paglalayag, walang destinasyon o patutunguhan, ngunit nagpapatuloy sa pagsagwan. Waring isang pasaherong nakatayo sa pantalan na iniwan ng pampasaherong barko, lilisan o magbabalik, o magpapatuloy sa paglalayag. Sa diskurso ng ebolusyon ng tao, sinasabing unang ginamit ang mga kamay sa paglalakbay na nabago alinsabay sa pagbabago ng kalikasan at kaligiran. Mula kamay patungong paa na unti-unti, dahan-dahan, tumapak sa kalupaan nang walang kahit na anong saplot sa paa.

Sa danas ng iba't ibang pangkat etniko sa Mindanao at Sulu, naging pamilyar nang gawain ang paglalakbay. Ang paglipat mula dating komunidad hanggang sa

pagtatayo ng bagong pamayanan, walang humpay ang paglalakbay. Ngunit ang mga paglalakbay na ito, kung minsan, ay bunsod din ng politikal na danas. Nariyan ang pagiging *bakwit* (evacuee) bunga ng militarisasyon dahil sa logging at pagmimina. Dagdag pa rito, ang tila paglimot ng estado sa kapakanan ng iba't ibang katutubong pangkat etniko sa malalayong pook sa Mindanao at Sulu, na tila iniwan at nilimot sa laylayan ng imahinasyon ng bansa.

Marahil, isa sa pinakamatingkad na karanasan ko hinggil sa paglalakbay at pakikisalamuha sa mga pangkat etniko ay ang noong minsang inanyayahan ako ng Community Technical College of Southeastern Mindanao, Inc. (CTCSM), isang paaralan pangkomunidad na matatagpuan sa Maco, Compostella Valley, upang magsilbing hurado para sa mga paligsahan nila sa "Araw ng mga Wika" at upang magbigay na rin ng maikling kurso hinggil sa halaga ng sining ng panulat at pelikula noong 2018. Mayroong humigit-kumulang sa 200 estudyante ang CTCSM na binubuo ng mga Lumad (katutubo o natibo sa Sugbuanong Binisaya), Muslim, at mga Bisaya na nagmula sa iba't ibang panig ng Mindanao at Sulu. Sa murang edad na anim na taon, may mga mag-aaral sa paaralan na piniling mawalay sa kani-kanilang mga pamilya upang doon ipagpatuloy ang pag-aaral. Ang pamilya ng mga batang ito ang siyang biktima ng militarisasyon, pananamantala, at deka-dekadang inhustisya sa kanayunan. Hindi kailanman naging ligtas ang malalayong bukirin at pook sa banta ng terorismo at polusyong hatid ng sibilisasyon.

Nagsisilbing tahanan ang CTCSM para sa mga bata na may edad na anim na taon hanggang dalawampu't isang taong gulang, lahat sila'y malayo sa kani-kanilang mga pamilya. Bitbit ang pag-asang matulungan sa pang-araw-araw na pangangailangan at makapagtapos ng edukasyon, pinipili ng mga bata na manahan sa loob ng paaralan. Kung minsa'y tuwing Pasko at Bagong Taon o kaya'y bakasyon sa pagtatapos ng klase lamang nakakauwi ang mga bata. Kung iisipin, sa murang edad pa lamang ay malayo na ang nilakbay ng mga batang ito bunsod na rin sa hindi pantay na estruktura ng lipunan at bansa—ang mga nasa ibaba ang pinananatiling nasa ibaba habang ang mga nasa itaas ay ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang mapanatili sa lawas ng estado ang kanilang gahum.

Isang batang Ilianon Manobo ang naging malapit sa akin sa halos apat na araw ng pamamalagi ko sa CTCSM. Siya si B, labing isang taong gulang na dalagita, nagmula sa Bukidnon, ulilang lubos kung kaya't ang lola at lolo na ang kumupkop sa kanya. Panganay siya sa dalawang magkapatid na pareho nang kinupkop ng CTCSM. Ang nakababatang kapatid ni B ay nasa pitong taong gulang. Tulad rin ng ibang karaniwang bata ang hitsura ni B, bagama't higit na kulot ang mahaba niyang buhok at higit na matingkad ang pagiging kayumanggi ng kanyang kulay kumpara sa ibang

bata. Si B ang gumigising sa amin tuwing umaga kasama ang isa sa mga boluntaryong guro na siyang nag-imbita sa amin sa CTCSM. Si B rin ang tumutulong sa pagdadala ng aming agahan, kasa-kasama rin namin siya sa tanghalian, maging sa hapunan. Palagay ang loob ng lahat kay B kung kaya't palagay din ang loob naming isama siya sa buong panahon ng pamamalagi namin sa paaralan.

Nang minsang maiwan kami ni B sa lilim ng puno malapit sa tinitirhan namin sa loob ng paaralan, tinanong ko siya kung ano ang mga pangarap niya sa buhay. Gasgas na tanong iyon na lagi kong itinatanong sa lahat ng batang nakakasalamuha. Ngunit nakakakuha ako ng pag-asa sa nag-iiba-ibang sagot ng mga bata sa bugtong na iyon. Ayon kay B, iniisip niyang maging guro gaya ko, nakikita raw niya ang sariling nagtuturo ng iba't ibang planeta at uri ng halaman sa maliliit na bata. *Science teacher*, sabi ko sa kanya. Tango at ngiti lamang ang isinukli niya. Natuwa ako nang marinig ang pangarap ni B kung kaya't sinabi ko sa kanya na marangal na trabaho ang pagiging isang guro. Sa katunayan, minsan na akong sinabihan ng nanay ko na kung gusto kong tulungan ang bayan natin, hindi ang pagiging pulitiko ang solusyon, kundi ang pagiging guro. Naputol ang usapan namin ni B nang dumating na ang kaibigan kong guro sa CTCSM at tinawag na kami upang kumain ng hapunan. Bagama't maikli ang pag-uusap naming iyon ni B, hitik at puno sa pagkakatanto ang tagpong iyon. Nagpapatuloy ang paniniil ng iba't ibang puwersa ng estado sa bansa, ngunit narito ang isang batang Ilianon Manobo, buhay ang pangarap at patuloy na tinutubos ang unibersal na karapatan niyang huminga.

Sa ikatlong araw namin sa CTCSM, nilibot namin ang lawak ng nasasakupan ng paaralan kung saan naroon ang matatarik na bahagi at malawak na lupain. Doo'y kasama namin si B na nagsilbing guide na umalalay sa aming umakyat, bumaba, at lumusong sa tubig. Matapos ang ginawang paglilibot, napagpasiyahan naming kumain ng meryenda sa kalapit na tindahan sa labas ng paaralan. Bumili ako at ang kasama kong guro sa unibersidad ng tinapay na *pig pie* at softdrinks na ibinahagi namin sa kasamang boluntaryong guro at kay B. Bakas sa mukha ni B ang saya na noong una'y nagpapanggap pang nahihiya na siya naman naming kinagiliwan. Ngunit lalo kaming naging magiliw kay B nang magpasalamat siya at humiling para sa aming mga buhay pag-ibig: *Sir, unta kapag nagka-uyab naka, dili ka niya pasakiton*. Sino nga ba ang hindi magagalak kung sabihan ka ng isang inosenteng bata na nawa'y magkaroon ka na ng kasintahan at nawa'y hindi ka niya saktan. Nagpatuloy ang tawanan sa pagiging bibo at palabiro ni B na lantay ang pagiging inosente at maalam sa mga bagay tulad ng romantikong pag-ibig. Sa isip-isip ko, marahil, ito ang binabanggit ng isang antropologong nakisalamuha at nakipamuhay sa mga Sama Dilaut noong dekada '70 sa Sulu. Sa buhay daw ng bawat mananaliksik sa mga komunidad na kanyang binibisita at pinamumuhayan, mayroon siyang bata

na magiging matalik na kaibigan. Marahil, sa maikling panahon na namalagi ako sa CTCSM, si B ang batang iyon sa buhay ko.

Nang lisanin ko ang CTCSM, nagpatuloy ako sa personal na buhay. Bumalik sa siyudad ng Davao, nagpatuloy sa pagtuturo at pananaliksik, at ipinagpatuloy ang paglalakbay sa iba't ibang lugar bunsod ng mga kumperensiya, seminar, training, at iba pang personal na dahilan. Tuluyan nang nawala sa isip ko si B hanggang makita ko ang kaibigang boluntaryong guro sa CTCSM bago matapos ang taong 2019. Mula sa pagkukumustuhan sa kanya-kanyang buhay, dadako ang usapan namin sa mga tao sa paaralan, kay Ms. P na siyang head teacher ng CTCSM, kay N na ilang linggo pa lamang ang nakalilipas ay napabalitang namatayan ng ama bunga ng pagbaril dito ng dalawang armadong lalaki na naka-motor, at kay B, ang batang Ilianon Manobo na naging malapit kong kaibigan. Dito'y mababalitaan ko ang nangyari kay B. Nasangkot ito sa kaso ng pagnanakaw ng cellphone ng isang boluntaryong guro sa paaralan. Dahil palagay ang loob ng bawat guro kay B, malaya itong nakakapasok at nakakalabas sa kanilang kuwarto. Sa araw nang pagkawala ng cellphone ng guro, iyon din ang araw na nakalabas si B sa paaralan upang magtungo sa siyudad ng Tagum at bumili ng ilang pagkain—tsokolate, tinapay, at gatas. Sinasabing naging kasabwat pa ni B sa pag-uumit ang kanyang nakababatang kapatid.

Noong una'y mariin daw na itinatanggi ni B ang ibinibintang na pagnanakaw, ngunit sa huli'y umamin na rin ito at saka hindi na napigilang umiyak. Pagpapatalsik sa paaralan ang naging desisyon ng pamunuan ng CTCSM na karampatang hakbang na ipapataw kay B, banta ang ganitong gawa ng pagnanakaw sa pagkasira ng buong sistema sa paaralan na siyang kumakanlong sa mga bata at nagsisilbing tahanan na rin. Ngunit nagtipon-tipong muli ang pamunuan at nagdesisyon na babaan ang hatol mula pagpapatalsik patungong suspensiyon. Tumitindig ang paaralan na kailanma'y hindi nila papayagan ang paggawa ng masama, tulad ng pagnanakaw at pag-uumit.

Matapos ang pag-uusap namin ng kaibigang boluntaryong guro, naging mabigat ang pagtulog ko. Sa balitang nasagap tungkol kay B, naisip ko, sino nga ba ang higit na dapat panagutin sa pagkakasalang ito, ang labing-isang taong ulilang bata na ninanais makapag-aral kung kaya't tinitiis ang pagiging malayo sa kanyang lola at lolo? Siya na pinagkaitan at salat sa materyal na bagay sa nagbabago-bagong daigdig? O ang sistemang kumikitil sa hinaharayang pagiging marangal na mamamayan ng bayan? Ilang araw akong mumultuhin ng karahasang iyon na tila nagpapaalalang walang ligtas sa pait at sugat na idinudulot ng hindi pantay na distribusyon sa gahum at kapangyarihan.

Naging malaking balita sa telebisyon noong Mayo 2020 ang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon hinggil sa tuluyang pagpapasara ng CTCSM. Sapilitang

kinuha ng lokal na pamahalaan ng Compostella Valley ang mga batang estudyante sa paaralan at saka ito pansamantalang kinanlong bago tuluyang iuwi sa kani-kanilang pamilya. Ang lahat ng ito ay nangyari sa gitna ng krisis at pandemya ng COVID-19. Kasama si B, ang nakababata niyang kapatid, at ang iba pang bata na nakasalamuha't naging kaibigan ko sa CTCSM sa mga estudyanteng pinagkakaitan ngayon ng estado ng karapatan sa edukasyon. Marahil, tuluyan nang pinauwi si B sa bulubundukin ng Bukidnon kung nasaan ang kanyang lola at lolo. Marahil, magbabalik si B sa kanilang pamayanan upang ipagpatuloy doon ang kanyang paglalakbay. Kung makakatapos siya ng pag-aaral o tuluyan nang titigil upang magtrabaho ay wala na sa saklaw ng kaalaman ko. Mga bugtong iyon na habambuhay na magsasalit-salitan sa akin habang malinaw pa ang mukha at karanasan kasama si B.

Kung gagawa ako ng mapa ng mga lunan na napuntahan sa kalawakan ng Mindanao at Sulu, kasama na ang lahat ng pangalan ng taong nakasalamuha ko sa paglalakbay, sigurado akong naroon si B at ang mga tawa at alaala niya. Ngunit ang mga alaalang iyon ay napalitan na ng pag-aalala para sa isang inosenteng tinig na nakasalamuha sa paglalakbay.

Sa isang hindi malilimutang biyahe ko sa eroplano mula siyudad ng Davao patungong Maynila bago magsimula ang lockdown bunsod ng COVID-19, naging kapansin-pansin sa akin ang nag-aagaw na kulay ng mga ulap na tinatamaan ng silahis ng araw sa kalangitan, patuloy akong namamangha sa imaheng iyon na binitbit ko hanggang pag-uwi sa bahay namin sa Laguna kung saan naroon ang aking pamilya. Noong gabing iyon, dinalaw ako ng isang panaginip, tinubuan daw ako ng pakpak at nagpatuloy sa paglipad at paglalakbay gaya ng mga bayani sa epiko, lumilipad sa kalawakang punumpuno ng alinlangan, walang kasiguraduhan, walang pangalan, walang katiyakan, walang anino, at tila walang hanggan. Lumilipad, kahit na ang mga tumubong pakpak ay unti-unti nang nalulusaw, lumilipad kahit ang kalangitan ay kay rilim, kay rilim-rilim.

## MGA SANGGUNIAN


Ingold, Tim. 2004. "Culture on the Ground: The World Perceived Through the Feet." *Journal of Material Culture* 9:3, 315-40.

Jocano, F. Landa. 2000. "Introduction." *Hinilawod: Adventures of Humadapnon Tarangban I*. Manila: Punlad Research House, Inc.

Tiu, Macario D. 2005. *Davao: Reconstructing History from Text and Memory*. Davao City: Ateneo de Davao University and Mindanao Coalition of Development NGOs.

Wein, Clemens. 1989. *Berinareu: The Religious Epic of the Tirurais*. Manila: Divine Word Publications.